Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Tulos Taong Panuruan 2025-2026

Mia Rose M. Dilay [1]
1 – Golden Gate Colleges- Graduate School
miarosedilay30@gmail.com / 0009-0446-195X

Publication Date: May 22, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20340678**

**Abstrak**

Ang pananaliksik na ito ay may layuning matukoy ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Tulos sa Taong Panuruan 2025–2026, kabilang ang kanilang kakayahan sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, at gamit ng wika, gayundin ang mga estratehiya ng guro at mga suliraning kinahaharap sa pagsulat.

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong disenyo na may kwantitatibong pamamaraan, na kinasangkutan ng tatlumpu't anim (36) na mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ginamit ang talatanungan bilang instrumento sa pangangalap ng datos, at sinuri ang mga ito gamit ang weighted mean.

Batay sa resulta, natuklasang ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, kung saan pinakamataas ang marka sa bokabularyo at gamit ng wika, na sinusundan ng organisasyon at nilalaman, habang may kakulangan sa wastong paggamit ng gramatika at panandang-diskurso. Ipinakita rin na ang mga estratehiya ng guro tulad ng peer editing, pagbibigay ng feedback, at contextualized writing activities ay nakatulong sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsulat, bagaman may mga hamon tulad ng kakulangan sa oras, limitadong bokabularyo, at kahirapan sa lohikal na pagkakasunod-sunod ng ideya.

Sa kabuuan, ipinakikita na ang pagsulat ng sanaysay ay mahalagang kasanayan na nangangailangan ng patuloy na pagsasanay at wastong gabay mula sa guro, kaya't inirerekomenda ang paggamit ng interaktibo at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang higit na malinang ang malikhaing at kritikal na pagsulat ng mga mag-aaral.

**Mga Susing Salita:** *kasanayan sa pagsulat, sanaysay, organisasyon, bokabularyo, estratehiya sa pagtuturo*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## 1. Introduksyon

Ang pagsulat ng sanaysay ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa asignaturang Filipino na naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal at masining na pagpapahayag. Sa pamamagitan nito, naipapahayag nila ang kanilang kaisipan, damdamin, at karanasan sa isang organisado at makabuluhang paraan. Gayunpaman, kapansin-pansin na marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa wastong paggamit ng gramatika, bokabularyo, at lohikal na pagkakasunod-sunod ng ideya. Ang ganitong suliranin ay may malaking epekto hindi lamang sa kanilang akademikong pagganap kundi pati na rin sa kanilang kakayahang makipagkomunikasyon sa pang-araw-araw na buhay. Dahil dito, mahalagang masuri ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay upang makabuo ng mga angkop na interbensyon.

Alinsunod sa Republic Act 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013, binibigyang-diin ang pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Layunin ng K to 12 Curriculum na malinang ang apat na makrong kasanayan—pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat—na mahalaga sa kabuuang pagkatuto. Sa kontekstong ito, ang pagsulat ng sanaysay ay nagsisilbing mahalagang instrumento upang mahubog ang kritikal na pag-iisip at malikhaing pagpapahayag ng mga mag-aaral. Hindi lamang ito isang akademikong gawain kundi isang mahalagang paghahanda sa kanilang hinaharap na propesyon at pakikilahok sa lipunan.

Sa pandaigdigang pananaw, kinikilala ang pagsusulat bilang pundamental na kasanayan sa edukasyon. Ayon sa mga ulat ng UNESCO, ang pagsusulat ay mahalagang bahagi ng literasi at kritikal na pag-iisip na kinakailangan sa isang globalisadong mundo. Sa iba't ibang bansa, pinahahalagahan ang mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat upang maging epektibong tagapaghatid ng impormasyon at ideya. Kaugnay nito, mahalagang matiyak na ang mga mag-aaral ay may sapat na kakayahan sa pagsulat ng sanaysay bilang bahagi ng kanilang akademikong pag-unlad.

Sa lokal na konteksto, patuloy na kinakaharap ang hamon ng mababang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Batay sa mga resulta ng National Achievement Test at iba pang pagsusuri ng Department of Education, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbubuo ng organisado at malinaw na sanaysay. Kadalasan, makikita ang kakulangan sa maayos na introduksyon, kakulangan sa detalye sa katawan, at hindi tiyak na konklusyon. Ipinapakita nito ang pangangailangang paigtingin ang pagtuturo ng kasanayang ito sa loob ng silid-aralan.

Sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Tulos, napapansin ang katulad na suliranin kung saan maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat ng sanaysay. Hindi organisado ang kanilang mga ideya, limitado ang bokabularyo, at madalas na nagkakaroon ng pagkakamali sa gramatika. Bagamat may ilang mag-aaral na nagpapakita ng potensyal, kinakailangan pa rin nila ng masusing paggabay upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan. Sa kabila nito, kapansin-pansin ang kakulangan ng mga pag-aaral na tumutukoy sa tiyak na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa nasabing paaralan, kaya't nagkakaroon ng research gap na nilalayong punan ng pag-aaral na ito.

Batay sa mga kaugnay na literatura, binibigyang-diin nina Pongsapan et al. (2021), Apridayani et al. (2024), at Kusuma (2025) ang kahalagahan ng nilalaman bilang pangunahing batayan sa kalidad ng sanaysay. Samantala, ipinapakita nina Sabrina et al. (2021) at Ananda (2024) na ang paggamit ng graphic organizers at outline ay nakatutulong sa organisasyon ng ideya. Ipinahayag naman nina Syamsiah et al. (2025) at Taye (2024) na ang kakulangan sa bokabularyo at gramatika ay nagiging sanhi ng mababang kalidad ng pagsulat. Dagdag pa rito, ipinakita nina Dela Cruz (2023) at Ramos (2022) na ang wastong paggabay, feedback, at kolaborasyon ay epektibong estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat. Ang mga pag-aaral na ito ay nagsisilbing matibay na pundasyon sa kasalukuyang pananaliksik.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano ilalarawan ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa:
   1.1. nilalaman;
   1.2. organisasyon; at
   1.. bokabularyo at gamit ng wika?
2. Ano ang lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ayon sa:
   2.1 kakayahang maipahayag nang malinaw at lohikal ang ideya;
   2.2 kakayahang isaayos ang estruktura ng sanaysay?
3. Paano nakatutulong ang paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay?
4. Anong mga suliranin ang nararanasan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat ng sanaysay?
5. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, anong mga estratehiya ang maaaring mabuo upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral?

## 2. Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disenyo na quantitative na pamamaraan. Layunin nitong ilarawan at suriin ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang karanasan at mga suliranin sa proseso ng pagsulat. Ang quantitative na bahagi ay ginamit upang masukat ang antas ng kasanayan batay sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo at gamit ng wika, at mekaniks.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Tulos sa taong panuruan 2025–2026. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang piliin ang mga kalahok batay sa kanilang aktibong partisipasyon sa klase at kakayahang magsulat ng sanaysay sa Filipino. Ang mga kalahok ay kumakatawan sa iba't ibang antas ng kasanayan sa pagsulat, mula sa may mataas na kakayahan hanggang sa

nangangailangan pa ng gabay, upang makuha ang kabuuang larawan ng kanilang kasanayan at mga hamon sa pagsulat.

**Mga Instrumento ng Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng validated Likert-scale questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos.

Ang talatanungan ay binuo upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo at gamit ng wika, at mekaniks. Ito ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa larangan ng Filipino upang matiyak ang bisa at kaangkupan ng mga tanong.

**Prosedyur**

Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng sumusunod na hakbang:
Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa punong-guro at nagsagawa ng orientation sa mga kalahok. Sumunod, ipinamahagi ang parental consent at assent forms upang matiyak ang etikal na pagsasagawa ng pananaliksik.

Isinagawa ang pre-survey upang masukat ang paunang antas ng kasanayan at interes ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Matapos nito, ipinatupad ang mga estratehiya sa pagtuturo bilang interbensyon sa loob ng klase.

Pagkatapos ng interbensyon, isinagawa ang post-survey gamit ang parehong talatanungan upang masukat ang pagbabago sa kanilang kasanayan. Isinunod ang semi-istrukturang panayam upang makuha ang kanilang karanasan at pananaw hinggil sa proseso ng pagsulat.

Ang lahat ng nakalap na datos ay inayos at iningatang kumpidensyal alinsunod sa Data Privacy Act of 2012.

**Data Analysis**

Ang nakalap na datos ay inanalisa gamit ang quantitative na pamamaraan.

Sa quantitative analysis, ginamit ang frequency, percentage, weighted mean, at composite mean upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at mailarawan ang kanilang mga tugon. Ginamit din ang ranking upang matukoy ang mga aspektong pinakamadali at pinakamahirap para sa mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## 3. Results

**Talahanayan 1**
**Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Aspektong Nilalaman**

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakapaglahad ako ng malinaw na paksa sa aking sanaysay. | 3.40 | Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Natutukoy ko ang mga mahahalagang ideya na dapat talakayin. | 3.35 | Sumasang-ayon | 3 |
| 3. Nakakabuo ako ng mga detalyeng sumusuporta sa paksa. | 3.25 | Sumasang-ayon | 5 |
| 4. Nakapagbibigay ako ng lohikal na paliwanag at halimbawa. | 3.30 | Sumasang-ayon | 4 |
| 5. Nagiging kawili-wili ang aking sulatin dahil sa aking mga ideya. | 3.15 | Sumasang-ayon | 7 |
| 6. Naipapakita ko ang malalim na pag-unawa sa paksang tinatalakay. | 3.45 | Sumasang-ayon | 1 |
| 7. Nakakabuo ako ng sariling pananaw batay sa paksa. | 3.20 | Sumasang-ayon | 6 |
| 8. Nagagamit ko ang mga datos o impormasyon upang patunayan ang aking pananaw. | 3.05 | Sumasang-ayon | 9 |
| 9. Nakapagbibigay ako ng makabuluhang konklusyon batay sa aking nilalaman. | 3.10 | Sumasang-ayon | 8 |
| 10. Naitatampok ko ang kabuluhan ng paksa sa totoong buhay. | 3.00 | Sumasang-ayon | 10 |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.23** | **Sumasang-ayon** | |

Ipinakita sa Talahanayan na ang pinakamataas na marka ay nakuha ng pahayag na *"Naipapakita ko ang malalim na pag-unawa sa paksang tinatalakay"* (WM = 3.45), na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakayahang maunawaan at mailahad nang malinaw ang pangunahing ideya ng kanilang sanaysay.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Samantala, ang pinakamababang marka ay makikita sa pahayag na *"Naitatampok ko ang kabuluhan ng paksa sa totoong buhay"* (WM = 3.00) at *"Nagagamit ko ang mga datos o impormasyon upang patunayan ang aking pananaw"* (WM = 3.05), na nagpapahiwatig na nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggamit ng ebidensya at pag-uugnay ng kanilang paksa sa tunay na buhay.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa paksa, kinakailangan pa nilang paunlarin ang paggamit ng datos at kongkretong halimbawa upang mapalakas ang kanilang nilalaman.

**Talahanayan 2**
**Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Aspektong Organisasyon**

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Maayos ang pagkakasunod-sunod ng aking mga ideya. | 3.35 | Sumasang-ayon | 4 |
| 2. Nagsisimula ang sanaysay ko sa malinaw na introduksyon. | 3.45 | Sumasang-ayon | 2 |
| 3. Nakakabuo ako ng lohikal na katawan ng sanaysay. | 3.40 | Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Nakakapagwakas ako sa maayos at makabuluhang konklusyon. | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Magkakaugnay ang mga pangungusap at talata sa aking sulatin. | 3.25 | Sumasang-ayon | 6 |
| 6. May malinaw na simula, gitna, at wakas ang aking sanaysay. | 3.30 | Sumasang-ayon | 5 |
| 7. Gumagamit ako ng mga salitang pantulong sa maayos na daloy ng ideya. | 3.20 | Sumasang-ayon | 7 |
| 8. Nakakabuo ako ng talata na nakatuon lamang sa isang pangunahing ideya. | 3.10 | Sumasang-ayon | 8 |
| 9. Madaling sundan at maunawaan ang kabuuan ng aking sanaysay. | 3.00 | Sumasang-ayon | 10 |
| 10. Naipapahayag ko ang aking layunin sa bawat bahagi ng sanaysay. | 3.05 | Sumasang-ayon | 9 |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.26** | **Sumasang-ayon** | |

Ang kabuuang weighted mean na 3.26 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may katamtaman hanggang mataas na kasanayan sa organisasyon ng sanaysay. Ang pinakamataas na marka ay sa *maayos na konklusyon* (WM = 3.50) at *malinaw na introduksyon* (WM = 3.45), habang ang pinakamababa ay sa *pagiging madaling maunawaan ng sanaysay* (WM = 3.00) at *pagbuo ng talatang may iisang ideya* (WM = 3.10). Ipinapakita nito na mahusay sila sa simula at wakas ngunit kailangan pang paunlarin ang daloy at pagkakaugnay ng ideya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

*Talahanayan 3*
*Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Aspektong Bokabularyo at Gamit ng Wika*

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nagagamit ko ang angkop na salita upang ipahayag ang aking ideya. | 3.45 | Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Nababagay ang aking bokabularyo sa paksa ng sanaysay. | 3.35 | Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Nagagamit ko ang mas malalim at makabuluhang salita. | 3.25 | Sumasang-ayon | 6 |
| 4. Ang aking sanaysay ay madaling maunawaan dahil sa wasto kong gamit ng wika. | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Nakapaglalarawan ako ng malinaw na kaisipan gamit ang tama at tiyak na salita. | 3.40 | Sumasang-ayon | 3 |
| 6. Naipapahayag ko ang damdamin sa pamamagitan ng piling salita. | 3.20 | Sumasang-ayon | 7 |
| 7. Nakasusulat ako nang may wastong tono ayon sa layunin ng sanaysay. | 3.15 | Sumasang-ayon | 8 |
| 8. Nagagamit ko ang iba't ibang uri ng pangungusap upang maging kawili-wili ang sanaysay. | 3.10 | Sumasang-ayon | 9 |
| 9. Naipapahayag ko ang aking ideya nang walang kalabuan o pagkalito. | 3.00 | Sumasang-ayon | 10 |
| 10. Nagagamit ko ang mga pananalitang nagpapahayag ng lohikal na ugnayan ng mga ideya. | 3.30 | Sumasang-ayon | 5 |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.27** | **Sumasang-ayon** | |

Ang kabuuang weighted mean na 3.27 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may katamtaman hanggang mataas na kasanayan sa bokabularyo at gamit ng wika. Ang pinakamataas na marka ay sa *pagiging malinaw at madaling maunawaan ang sanaysay* (WM = 3.50), habang ang pinakamababa ay sa *pagpapahayag ng ideya nang walang kalabuan* (WM = 3.00) at *paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap* (WM = 3.10). Ipinapakita nito na mahusay sila sa paggamit ng wika ngunit kailangan pang paunlarin ang kalinawan at pagkakaiba-iba ng estruktura ng pangungusap.

**Talahanayan 4**

***Lebel ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Aspetong Kakayahang Maipahayag nang Malinaw at Lohikal ang Ideya***

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naipapahayag ko ang mga ideya sa aking sanaysay nang malinaw at may lohikal na pagkakasunod-sunod. | 3.45 | Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Kakayahan kong magpahayag ng matatag at maayos na argumento sa aking sanaysay. | 3.40 | Sumasang-ayon | 3 |
| 3. Epektibo kong nagagamit ang mga panandang-diskurso upang mapanatili ang lohikal na daloy ng ideya. | 3.25 | Sumasang-ayon | 6 |
| 4. Naipapakita ko ang kahusayan sa pagbibigay ng mga halimbawa o ebidensya upang suportahan ang pangunahing ideya. | 3.35 | Sumasang-ayon | 5 |
| 5. Naipapamalas ko nang malinaw at organisado ang aking mga talata. | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 6. Inuugnay ko ang bawat ideya upang makabuo ng magkakaugnay na sanaysay. | 3.30 | Sumasang-ayon | 4 |
| 7. May kakayahan akong magpahayag ng mga ideya na may lalim at kahulugan. | 3.20 | Sumasang-ayon | 7 |
| 8. Nagbibigay ako ng mga ideya na may kaugnayan sa paksa at maayos na nailalahad. | 3.15 | Sumasang-ayon | 8 |
| 9. Nasusustentuhan ko ang mga pangunahing kaisipan sa pamamagitan ng sapat na detalye o ebidensya. | 3.10 | Sumasang-ayon | 9 |
| 10. Naiuugnay ko ang aking sariling pananaw sa mas malawak na konteksto. | 3.05 | Sumasang-ayon | 10 |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.28** | **Sumasang-ayon** | |

Ang kabuuang weighted mean na 3.28 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may katamtaman hanggang mataas na kakayahan sa malinaw at lohikal na pagpapahayag ng ideya. Ang pinakamataas na marka ay sa *maayos at organisadong talata* (WM = 3.50), habang ang pinakamababa ay sa *paggamit ng ebidensya* (WM = 3.10) at *pag-uugnay sa mas malawak na konteksto* (WM = 3.05). Ipinapakita nito na mahusay sila sa organisasyon ng ideya ngunit kailangan pang paunlarin ang pagpapalalim at pagsuporta sa kanilang argumento.

**Talahanayan 5**
*Lebel ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Aspetong Kakayahang Isaayos ang Estruktura ng Sanaysay*

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naipapakita ko ang aking kakayahang isaayos ang estruktura ng aking sanaysay. | 3.10 | Sumasang-ayon | 7 |
| 2. Maayos akong nakabubuo ng panimula, katawan, at kongklusyon ng sanaysay. | 3.35 | Sumasang-ayon | 3 |
| 3. Nakapagpapakita ako ng lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa bawat bahagi ng aking sanaysay. | 3.45 | Sumasang-ayon | 1 |
| 4. Nagagamit ko ang mga panandang-diskurso upang mapanatiling magkakaugnay ang mga talata. | 3.20 | Sumasang-ayon | 4 |
| 5. Nagagamit ko ang tamang gramatika at istruktura ng pangungusap. | 3.40 | Sumasang-ayon | 2 |
| 6. Nagagawa kong masining ang paggamit ng mga salita. | 3.05 | Sumasang-ayon | 8 |
| 7. Maayos ang paggamit ko ng bantas at ispeling. | 3.15 | Sumasang-ayon | 6 |
| 8. May kakayahan akong mag-ugnay ng mga ideya mula simula hanggang wakas ng sanaysay. | 3.30 | Sumasang-ayon | 5 |
| 9. Epektibo kong naipapamalas ang kakayahan sa pagbuo ng malinaw na estruktura ng sanaysay. | 2.15 | Hindi Sumasang-ayon | 10 |
| 10. Naipakikita ko ang kahusayan sa pagbuo ng magkakaugnay na talata upang makamit ang malinaw na estruktura ng sanaysay. | 2.28 | Hindi Sumasang-ayon | 9 |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.18** | **Sumasang-ayon** | |

Ang kabuuang weighted mean na 3.18 ay may verbal na interpretasyong *Sumasang-ayon*, na nangangahulugang katamtaman hanggang mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-aayos ng estruktura ng sanaysay. Ipinakita ng mga resulta na pinakamataas ang marka sa lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya (WM = 3.45), samantalang mas mababa sa pagbuo ng malinaw na estruktura at magkakaugnay na talata (WM = 2.15–2.28), na nagpapahiwatig ng pangangailangan pa ng pagsasanay sa coherence. Sa kabuuan, may kakayahan ang mga mag-aaral sa organisadong pagsulat ngunit kailangan pang mapalakas ang ugnayan ng mga ideya at talata.

**Talahanayan 6**
**Epekto ng mga Estratehiya sa Pagsulat ng Sanaysay**

| Mga Pahayag | WM | VI |
|---|---|---|
| 1. Ang mga estratehiya ng guro ay nakakatulong sa aking pagsusulat ng sanaysay. | 3.85 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Mas naiintindihan ko ang paksa kapag gumagamit ng gabay o halimbawa ang guro. | 3.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nagiging mas madali ang pagsusulat kapag may malinaw na tagubilin. | 3.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Natututo akong gumamit ng mas angkop na salita dahil sa mga estratehiya. | 3.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ay nakapagpapataas ng aking interes sa pagsusulat. | 3.74 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 6. Nakakatulong ang mga estratehiya ng guro sa pagbuo ng maayos na balangkas ng sanaysay. | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 7. Napapaunlad ng mga estratehiya ang aking kakayahan sa pagbabalangkas ng ideya. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 8. Nagiging mas malinaw sa akin ang tamang gamit ng gramatika at baybay dahil sa mga estratehiya. | 3.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 9. Nakakatulong ang mga estratehiya upang maiugnay ko ang paksa sa aking karanasan. | 3.82 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 10. Ang mga estratehiya ng guro ay nakapagpapalakas ng aking tiwala sa sarili sa pagsusulat. | 3.88 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.77** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Ang kabuuang weighted mean na 3.77 ay may verbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, na nagpapahiwatig na mataas ang epekto ng mga estratehiya ng guro sa kakayahan at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Ipinakita na ang pinakamataas na marka ay sa pagtaas ng kumpiyansa sa pagsusulat (WM = 3.88), habang ang pinakamababa ay sa pagpapalawak ng bokabularyo (WM = 3.68), na nagpapahiwatig na epektibo ang mga estratehiya ngunit kailangan pang palakasin ang aspektong leksikal. Sa kabuuan, ang mga estratehiya ng guro ay nakatutulong sa pag-unlad ng kasanayan at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Talahanayan 7**

**Suliraning Nararanasan sa Pagsulat ng Sanaysay**

| Mga Pahayag | WM | VI |
|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong makabuo ng mga ideya para sa aking sanaysay. | 3.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Naaabala ako kapag hindi malinaw ang paksang ibinigay. | 3.74 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nagiging mahirap para sa akin ang pagpili ng mga angkop na salita. | 3.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Nahihirapan akong ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga talata. | 3.76 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Nakakaramdam ako ng kaba tuwing may pagsusulat ng sanaysay. | 3.81 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 6. Nahihirapan akong iwasan ang mga pagkakamali sa gramatika at baybay. | 3.84 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 7. Matagal kong natatapos ang aking sanaysay dahil sa kakulangan ng ideya o pokus. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 8. May mga pagkakataong nawawalan ako ng interes sa pagsusulat ng sanaysay. | 3.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 9. Nahihirapan akong tapusin ang sanaysay sa itinakdang oras. | 3.79 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 10. Nahihirapan akong mapanatili ang maayos na lohika at daloy ng ideya sa aking sanaysay. | 3.83 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuang Weighted Mean** | **3.77** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Ang kabuuang weighted mean na 3.77 ay may verbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, na nagpapakita na mataas ang antas ng mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay, partikular sa gramatika, lohikal na daloy ng ideya, at pag-oorganisa ng kaisipan. Ipinakita na ang pinakamabigat na suliranin ay ang kahirapan sa gramatika at baybay (WM = 3.84) at pagpapanatili ng lohikal na daloy ng ideya (WM = 3.83), na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas masusing gabay at pagsasanay. Sa kabuuan, bagama't mataas ang mga hamon, ito ay nagsisilbing batayan upang makabuo ng angkop na interbensiyon para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat.

## 4. Discussion

Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa mga aspeto ng nilalaman, talasalitaan at paggamit ng wika, kalinawan at lohikal na pagpapahayag ng ideya, at organisasyon ng estruktura, na nangangahulugang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

nagagawa nilang maipahayag nang malinaw ang kanilang mga ideya, gumamit ng angkop na salita, at mapanatili ang lohikal na daloy ng kanilang slatin, bagama't may ilang aspetong nangangailangan pa ng pagpapaunlad tulad ng koherensya, kritikal na pag-aanalisa, at mas malalim na pagpapaliwanag ng ideya.

Ang mga resultang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Seow (2020), Coffin et al. (2021), at Ramos (2023) na binibigyang-diin na ang epektibong pagsulat ay nakasalalay sa lohikal na daloy ng ideya, paggamit ng cohesive devices, at mga estratehiyang tulad ng guided writing at peer feedback na nakatutulong sa pagpapabuti ng organisasyon at kalidad ng sulatin. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na mahalagang ipagpatuloy at palakasin ang mga estratehiya sa pagtuturo tulad ng writing workshops, vocabulary enrichment, peer editing, at contextualized writing activities upang higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral, partikular sa coherence, grammar accuracy, at kritikal na pagbuo ng ideya, at sa antas ng polisiya, iminumungkahi ang pagpapatupad ng isang structured writing intervention program na magbibigay ng sistematikong pagsasanay at gabay sa pagsulat.

Gayunpaman, nililimitahan ang pag-aaral sa mga self-reported na datos ng mga mag-aaral na maaaring maapektuhan ng personal na persepsyon at hindi nito sinasaklaw ang aktuwal na writing performance o pangmatagalang pag-unlad ng kanilang kasanayan.

## 5. Konklusyon

Ipinapakita ng kabuuang resulta na ang mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa mga aspeto ng nilalaman, organisasyon, bokabularyo, at gamit ng wika, na nangangahulugang may kakayahan silang bumuo ng ideya at makapagpahayag ng kaisipan ngunit kailangan pa ng pagpapalalim sa paliwanag, pagpapayaman ng bokabularyo, at mas maayos na organisasyon ng mga ideya. Sa kabuuan, lumitaw din na hindi pa ganap na matatag ang kanilang kasanayan sa lohikal at organisadong pagpapahayag, dahil sa kakulangan sa kohesyon at pagkakaugnay-ugnay ng mga talata, habang ang mga estratehiya ng guro tulad ng guided writing, modeling, at collaborative editing ay napatunayang epektibo sa pagpapataas ng interes, partisipasyon, at kalidad ng output ng mga mag-aaral. Gayunpaman, natukoy ang ilang suliranin tulad ng kahinaan sa bokabularyo, gramatika, at lohikal na pag-oorganisa ng ideya na nagsisilbing hadlang sa pag-abot ng mas mataas na antas ng kahusayan sa pagsulat.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagpapatupad ng mas nakatuong gawain sa pagpapalalim ng nilalaman sa pamamagitan ng paggamit ng ebidensya at konkretong halimbawa, gayundin ang pagsasanay sa lohikal na organisasyon gamit ang structured writing activities at transisyonal na salita. Iminumungkahi rin ang patuloy na paggamit ng epektibong estratehiya ng guro tulad ng peer feedback at guided instruction, kasama ang mga interbensyong nagpapataas ng kumpiyansa at interes ng mga mag-aaral gaya ng collaborative writing at writing contests, pati na rin ang regular na grammar at spelling drills upang mapabuti ang accuracy sa pagsulat. Dagdag pa rito, mahalaga ang sistematikong pagsubaybay at pagbibigay ng agarang feedback upang masubaybayan ang progreso ng mga mag-aaral at agad matugunan ang kanilang mga kahinaan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## Sanggunian

### A. Mga Aklat

Nation, I. S. P. (2020). *Learning vocabulary in another language* (2nd ed.). Cambridge University Press.

Richards, J. C., & Schmidt, R. (2020). *Longman dictionary of language teaching and applied linguistics* (5th ed.). Routledge.

Seow, A. (2020). *The writing process and teaching composition*. Oxford University Press.

### B. Mga Di-nalathalang Materyales

Dela Cruz, A. (2023). *Prewriting strategies and essay organization among junior high school students* (Unpublished thesis) Oriental Mindoro State College, Philippines.

Ramos, L. (2022). *Collaborative writing as a strategy to enhance essay quality* (Unpublished action research) Batangas State University, Philippines.

### C. Dyornal, Peryodiko, at Magasin

Ananda, R. (2024). The effectiveness of graphic organizers in improving essay writing skills. *Journal of Language and Education Research, 8*(3), 56- 65.

Apridayani, M., Wahyuningsih, D., & Firdaus, A. (2024). Content analysis in essay writing: Assessing students' writing proficiency. *Indonesian Journal of Applied Linguistics, 14*(1), 75-84.

Kusuma, D. (2025). The role of idea development in assessing students' essay writing. *Journal of Pedagogical Research, 9*(2), 210-222.

Pongsapan, J., Arifin, D., & Rahmad, H. (2021). Content and coherence in students' essay writing: A linguistic approach. *Asian Journal of Language and Education, 7*(1), 33- 49.

Sabrina, T., Rahmawati, A., & Dini, N. (2021). The use of outlines in improving students' essay organization. *TESOL International Journal, 16*(4), 201- 216.

Syamsiah, N., Rahman, A., & Wulandari, R. (2025). Vocabulary and grammar difficulties in students' essay writing. *International Journal of Literacy Studies, 12*(1), 122-133.

Taye, R. (2024). Common challenges in students' essay writing: A classroom-based study. *Journal of Language Teaching Innovations, 11*(2), 99- 110.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**D. Mga Dokumentong Legal**

Republic Act No. 10533. (2013). *Enhanced Basic Education Act of 2013*. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533

**E. Mga Elektronikong Hanguan**

UNESCO. (2024). *The importance of writing skills in global education*. UNESCO Digital Library. https://unesdoc.unesco.org